# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 238

Hulyo 14, 2023
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715

## Mangyaring Gumawa ng mga Hakbang Laban sa Krimen Ngayong Tag-init!

Dumadalas ang pag-iwang nakabukas sa mga bintana at pinto tuwing mainit ang panahon.
Maaaring pasukin ng magnanakaw ang iyong tahanan kung nakalimutan mong isara ang mga bintana at pinto.
Maaari rin makita ng ibang tao ang loob ng inyong bahay maging ang inyong paliguan mula sa labas.





Ang mga bata, babae, lolo at lola ay lalong madaling mabiktima ng krimen.
Mahalagang protektahan ninyo ang inyong mga sarili at makipagtulungan sa mga kapitbahay.
Subukang alamin ang mga hakbang tungo sa seguridad ngayong tag-init.

**Tuwing ikaw ay lalabas o matutulog sa gabi, ugaliing isara at i-lock ang mga bintana at pinto.**



- **Mag-ingat sa mga magnanakaw na pumapasok sa iyong tahanan!**





- **Mag-ingat sa mga taong sumisilip sa loob ng iyong bahay o kumukuha ng litrato！**





Pinagmulan：website ng Shizuoka Prefectural Police